**Unang Markahang Pagsusulit**
**FILIPINO 3**
**SY 2023-2024**

Pangalan: ______________________ Petsa: _________________

Panuto: Basahin at sagutin ng maayos ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Lumikas ang mga taong naninirahan malapit sa bulkan. Ano kaya nag dahilan?

A. Pinapalayas na sila.

B. Hindi sila ang may-ari ng lupang kanilang tinitirhan.

C. Dahil sa babalang malapit ng pumutok ang bulkan.

D. Pupunta sila sa malayong lugar.

2.  ______ang buto na paborito kong kainin.

"Ang sabi ni Bantay sa kanyang isip"

A. ito B. iyan C. iyon D. kami

3. _______po ba si Gng. Robles na kaibigan ng nanay ko? Ang tanong ni Rose kay Gng. Robles.

A. Oo B. Ikaw C. Sila D. Siya

4. <u>Itinago</u> ng mga tao ang kanilang mga ani sa ligtas na lugar dahil sa paparating na bagyo. Ano ang kasalungat ng salitang itinago?

A. inilabas B. inihanda C. niluto D. itinapon

5. _____kana maupo sa tabi ko.

A. dito B. diyan C. doon D. iyon

6. Pakidala ang libro ______sa kinauupuan ko.

A. dito B. diyan C. doon D. ito

7. Sumabog ang paputok sa harapan ng aming bahay. Ano ang kasingkahulugan ng salitang sumabog?

A. lumipad B. pumutok C. natumba D. nabali

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Ang Mayon Volcano ay isang aktibong bulkan. Madalas itong pumutok. Laging binabantayan ng gobyerno ang mga senyales ng mga aktibong bulkan dahil sa panganib na dulot nito kapag ito ay pumutok.

8. Anong uri ng anyong lupa ang Mayon Volcano?

A. bundok B. bulkan C. burol D. kapatagan

9. Bakit lagging binabantayan ang Mayon Volcano?

A. Dahil pagmamay-ari ito ng gobyerno.

B. Dahil sa panganib na dulot nito kapag iyo ay pumutok.

C. Dahil kailangan itong bantayan.

D. Dahil ito ay magandang bulkan.

10. Ano ang katangian ng isang bulkan na malapit ng pumutok?


A. aktibo B. tahimik C. mataas D. malaki

11. Alin sa mga salita ang may wastong baybay?

A. pamilya B. pomasok C. sorbitis D. pangulu

12.  Ano sa palagay mo ang ipinapakita ng larawan?

A. masayang paglalaro   B. pakikinig ng kwento  C. pagdarasal   D. pag-aaway

13. 

3 4

Alin ang wastong pagkasunod-sunod ?

A. 4-2-3-1   B. 3-2-1-4   C. 1-3-4-2   D. 2-1-3-4

14. Alin sa mga sumusunod ang bahagi ng liham?
A. talahulugan   B. pamuhatan   C. talaan ng nilalaman   D. pamagat

15. Alin ang wastong ayos ng mga salita ayon sa alpabeto?

| A. mahal, | B. tama | C. pangalan | D. dahon |
|---|---|---|---|
| Mabagal | tapakan | pangulo | daan |
| Matalino | tasa | pagkain | dalisay |
| Magara | tatak | pag-ibig | damit |

16. 
Aling pangungusap ang mabubuo ayon sa larawan?

A. Ang lungsod ay malamig na lugar.

B. Matataas ang mga gusali sa lungsod.

C. Maraming sasakyan sa lugar.

D. Maraming tao ang nasa kalye.

17. Aling pares ng mga salita ang magakasalungat?

A. nagsilabasan-nagsipasok   B. mabilis-matulin   C. presko-sariwa   D. maganda-marikit.

BASAHIN ANG KUWENTO AT SAGUTIN ANG MGA TANONG.

Punong-puno ng tao ang paaralan. May mga magulang na nagpapahinga sa sahig. May mga batang naglalaro sa isang sulok. Nakakumpol ang mga nabitbit na gamit,ilang piraso ng damit at mga supot na lalagyan ng pagkain. Halos magkadikit-dikit ang mga taong nanginginig sa basa at lamig. Lahat ay sabik sa init. May bagyo sa bayan at ang paaralan nila ang pansamantala nilang tirahan. Sa silid ng Grade 3-Love, muling nagkita-kita ang magkakaibigan na sina Paul, Ram,Miko at Greg.

18. Ano kaya ang nangyari sa bayan?

A. may bagyo   B. may lindol   C. may sunog   D. may baha

19. Paano natin malalaman na may paparating na bagyo sa ating lugar?

A. sa pamamagitan ng pakikinig ng balita sa radio at telebisyon.

B. titingnan ang ayos ng ulap.

C. mararamdaman ito sa pamamagitan ng ihip ng hangin.

D. jusa lamang itong darating ng hindi natin malalaman.

20. Saan kaya nangyari ang kwento?

A. sa bahay   B. sa bayan   C. sa probinsiya   D. sa parke

21. Alin sa mga sumusunod ang pangungusap na pautos?

A. Bumili ka ng pagkain.

B. Maaari po ba akong lumabas?

C. Ang bagyo ay malakas.

D. Humina nab a ang bagyo?

22. Anong bahagi ng kuwento sina Paul,Ram,Miko at Greg?

A. Pangyayari   B. pamagat   C. tagpuan   D. tauhan

23. _____ at si nanay ay mamamalengke bukas.

A. Siya B. Kami C. ikaw D. Ako

24.  Ano kaya ang mangyayari kay Nestor?

A. madadapa siya ng dahil sa balat ng saging.
B. Iiyak si Nestor.
C. Magagalit si Nstor.
D. Magpapatuloy sa paglalakad si Nestor.

25.  ______ay masarap na sinigang.

A. iyon B. iyan C. dito D. ito

26. Maaari po bang magtanong? Ito ay isang pangungusap na_____________.

A. pautos B. pasalaysay C. padamdam D. pakiusap

27. Nakatali sa puno ng niyog ang kalabaw. Ang salitang may salungguhit ay isang________.

A. pangngalan B. panghalip C. parirala D. pangungusap

28. Alin sa mga sumusunod ang parirala?

A. Ang bunso kong kapatid ay isang lalaki.

B. Si Tasyo ay magaling magbasa.

C. Sina Baraw at Keven ay makakaibigan

D. Ang watawat

Prepared By:

**SALVI S. BACRANG**

Teacher-III